

**Kagawaran ng Edukasyon**

# **Araling Panlipunan 8**

**Ang Impluwensya ng mga Kaisipang  
Lumaganap sa Gitnang Panahon  
Ikalawang Markahan – Ikawalong Linggo**



Ryan R. Fracisco  
***Manunulat***

Ma. Martha R. Ullero  
***Tagasuri***

Maria Elena Araja  
***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City  
(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



## INAASAHAN

Makasaysayang Araw! Sa araling ito ikaw bilang manlalakbay ng Kasaysayan ay inaasahang **natataya ang impluwensya ng mga kaisipang lumaganap sa Gitnang Panahon** (batay sa MELC). Inaasahan ding ang aral na mapupulot mo rito ay magiging gabay mo upang **matukoy ang mga dahilan at epekto ng mga kaisipang lumaganap noong Gitnang Panahon**. Halika't simulan ang aralin.



## UNANG PAGESUBOK

**PANUTO:** Tukuyin ang paksang kinabibilangan ng mga sumusunod na pangyayari. Piliin ang letra ng tamang sagot sa ibaba.

- A. Paglago ng mga Bayan  
B. Paglitaw ng Burgis  
C. Paggamit ng Salapi  
D. Sistema ng Guild

- \_\_\_\_\_ 1. Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang interes ng grupong ito ay nasa kalakalan.
- \_\_\_\_\_ 3. Sa paglawak ng kalakalan kung saan maraming lugar na ang sumali, naisip ng panginoong piyudal na magtatag ng taunang perya.
- \_\_\_\_\_ 4. Yaman at hindi kapanganakan ang batayan ng pagkakakilanlan.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang sistemang ito ng pagpapautang at pagbabangko ay nalinang sa Hilagang Italya.
- \_\_\_\_\_ 6. Nakatulong din nang malaki ang pagsasaayos ng mga kalsada upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural.
- \_\_\_\_\_ 7. Sa unang mga taon ng Gitnang Panahon, ang sistema ng kalakalan ay palitan ng produkto o barter.
- \_\_\_\_\_ 8. Ang bayan sa panahong ito ay tinatawag na burgh. Ang mga taong nagtayo ng kanilang tirahan dito ay karaniwang tinatawag na burgher.
- \_\_\_\_\_ 9. Sinikap nito na magkaroon ng iisang batayan ng timbang at panukat na maaaring gamitin ng lahat.
- \_\_\_\_\_ 10. Ang mga karpintero, barbero, panadero, sastre, at iba pa ay halimbawa ng mga hanapbuhay na may sariling \_\_\_\_\_.
- \_\_\_\_\_ 11. Sa pag-unlad ng kalakalan at industriya at paglawak ng mga bayan, isang makapangyarihang uri ng tao ang lumitaw.
- \_\_\_\_\_ 12. Marami ang nanirahan sa mga lugar na malapit sa pangunahing daan.
- \_\_\_\_\_ 13. Ang kanilang mga anak ay nag-aaral sa magagaling na unibersidad.

- \_\_\_\_\_ 14. Ang mga mangangalakal at artisan na ito ay bumuo ng bagong pangkat sa lipunan, ang gitnang uri o “middle class”.
- \_\_\_\_\_ 15. Kontrolado nito ng mga mangangalakal ang lahat ng kalakalan sa bayan.




## BALIK-TANAW

Isang magandang alaala ng Piyudalismo ang sistemang kabalyero (*knighthood*). Kinapapalooban ang kodigo ng kagandahang asal ng mga kabalyero (*chivalry*) ng katapangan, kahinahunan, pagiging marangal at maginoo lalo na sa kaibigan. Nagpapalaganap din ng mga saloobing Kristiyano ang sistemang kabalyero tulad ng pagtatanggol sa mga naaapi at paggalang sa kababaihan.

Banal at isang prope syon na pinagpala ng simbahan ang pagiging kabalyero. Kalakip nito ang tungkuling ipagtanggol at itaguyod ang Kristiyanismo.

**PANUTO:** 1-4. Tukuyin ang mga uri ng tao sa Lipunang Medieval sa pamamagitan ng comic script.




5. Sa iyong palagay, anong sistemang pampolitika ang umiiral na ipinahihiwatig ng “comic strip”? Ipaliwanag.



## PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang *manor* ay isang malaking lupang sinasaka. Ang malaking bahagi ng lupain na umaabot ng  $\frac{1}{3}$  hanggang  $\frac{1}{2}$  ng kabuuang lupang sakahan ng *manor* ay pag-aari ng *lord* at ilan lamang sa mga magsasaka ang nagmamay-ari ng lupa.

**PANUTO:** Suriin ang larawan at sagutin ang mga tanong.



### Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa larawan, anong uri ng relasyon mayroon ang lord na naninirahan sa kastilyo at mga magbubukid?
2. Sa iyong palagay, may pagkakatulad ba ang senaryong ito sa kasalukuyan? Patunayan.
3. Sa anong panahon ng kasaysayan nagsimula ang ganitong uri sistemang pang ekonomiya?

## **Paglago ng mga Bayan**

Ang paglakas ng kalakalan ay naging malaking tulong sa paglago ng mga bayan. Nagkaroon ng pagbabago sa agrikultura bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtanim. Bunga nito, tumaas ang ani kaya nagkaroon ng magandang uri ng pamumuhay ang mga tao. Nakatulong din nang malaki ang pagsasaayos ng mga kalsada upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural. Marami ang nanirahan sa mga lugar na malapit sa pangunahing daan.

## **Paggamit ng Salapi**

Sa unang mga taon ng Gitnang Panahon, ang sistema ng kalakalan ay palitan ng produkto o barter. Dinadala ng mga magbubukid o kaya ng “serf” sa mga lokal na pamilihan ang mga produktong bukid o produktong gawa sa bahay. Dito nagpapalitan ng produkto ang mga tao. Ang lokal na pamilihan ay nagaganap lamang bawat linggo sa malalawak na lugar malapit sa palasyo o simbahan.

Sa paglawak ng kalakalan kung saan maraming lugar na ang sumali, naisip ng panginoong piyudal na magtatag ng taunang perya. Dito sa peryang ito nagkatagpo-tagpo ang mga mangangalakal. Sa peryang ito kumikita ang panginoong piyudal dahil siya ay naniningil ng buwis at multa dito.

Dito sa peryang ito nakita ang paggamit ng salapi ngunit iba-iba ang kanilang salaping barya. Dahil dito, nagsulputan ang mga namamalit ng salapi (money changer), na sa maliit na halaga ay namamalit ng iba’t ibang barya. Sa pagpapalit ng salaping ito nasabing nagsimula ang pagbabangko.

Natuklasan ng ilang mangangalakal na hindi delikado ang mag-iwan ng malalaking halaga sa mga namamalit ng salapi. Ang salaping ito ay ipinautang din nang may tubo.

Ang isang mangangalakal ay maaari ring magdeposito ng salapi sa isang lungsod at bibigyan siya ng resibo. Itong dineposito niya ay maaari niyang kolektahin sa ibang lungsod. Sa ganitong paraan naging ligtas ang paglipat ng salapi.

Ang sistemang ito ng pagpapautang at pagbabangko ay nalinang sa Hilagang Italya. Ang paggamit ng pera ay nakatulong sa paglalapit ng mga tao buhat sa iba’t ibang lugar.

## **Ang Paglitaw ng Burgis**

Sa pag-unlad ng kalakalan at industriya at paglawak ng mga bayan, isang makapangyarihang uri ng tao ang lumitaw. Sila ay tinatawag na burgis (men of *burg* o *burgers* o *bourgeoisie*). Ang interes ng grupong ito ay nasa kalakalan. Ang mataas na uri ng bourgeoisie ay ang mauunlad na negosyante at mga bangkero. Ang kanilang mga anak ay nag-aaral sa magagaling na unibersidad. Ang mga *bourgeoisie* ay ang nagiging gitnang uri at mababa ang pagtingin sa kanila ng panginoong piyudal dahil sa sila ay mga bagong yaman lamang.

Ang mga burgis ay patuloy na umiral at sila ang nagtaguyod ng sining at nakalinang ng sariling uri ng pagkamaharlika. Mababa rin ang pagtingin nila sa mga dalubhasang manggagawa kaya nagkaroon ng pag-uuri ng tao sa lipunan batay sa yaman at hindi na sa angkan.

Ang bayan sa panahong ito ay tinatawag na burgh. Ang mga taong nagtayo ng kanilang tirahan dito ay karaniwang tinatawag na burgher. Sa France, ang mga burgher ay kolektibong tinatawag na bourgeoisie.

Ang mga burgher ay kakaiba sa tradisyunal na paghahati ng lipunan batay sa kanilang ginagawa. Hindi sila lord na may ari ng lupa at nakikidigma. Iba rin sila sa pari na nagdarasal at sa magbubukid na nagtatanim. Ang mga naninirahan sa bayan ay nagkaloob ng produkto at serbisyo na ikinakalakal. Habang dumarami ang kalakal nila, yumayaman sila at umuunlad ang kanilang pamumuhay. Ang mga mangangalakal at artisan na ito ay bumuo ng bagong pangkat sa lipunan, ang gitnang uri o “middle class”.

Sa bayan maaaring umangat ang pangkaraniwang tao sa lipunan. Yaman at hindi kapanganakan ang batayan ng pagkakakilanlan. Kadalasan, higit na mayaman pa ang mga mangangalakal kaysa mga dugong bughaw.

### **Ang Guild System**

Marami sa mga naninirahan sa bayan ay sumali sa guild. Ang **guild** ay samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay.

- **Ang Merchant Guild**

Ang mga unang guild ay binalangkas ng mga mangangalakal. Nagpatayo sila ng mga bulwagang pinagdarausan ng pulong tungkol sa mga detalye ng kanilang negosyo. Kontrolado ng guild ng mga mangangalakal ang lahat ng kalakalan sa bayan. Maaari rin nilang hadlangan ang mga dayong mangangalakal sa pagnegosyo sa kanilang bayan.

Dahil sa kanilang yaman, lubhang naging mahalaga ang mga *merchant guild* o *guild* ng mga mangangalakal sa pamahalaang bayan. Hinikayat ng mga *merchant guild* ang pagkakaroon ng sistema ng kalinisan at pagpapagawa ng mga kanal para sa dumi. Sinikap nila na magkaroon ng iisang batayan ng timbang at panukat na maaaring gamitin ng lahat. Minsan, ginagampanan nila ang papel bilang mga pulis na naglalaan ng proteksyon. Maaari rin nilang impluwensiyahan ang mga lord na alisin ang *toll* o bayad ng mga daan sa mga lupain nito.

- **Ang Craft Guild**

Nang lumaki ang mga bayan, ang mga artisan ay nagtatag ng sariling guild. Ang bawat craft o kasanayan ay may sariling *guild*. Halimbawa, ang mga karpintero, barbero, panadero, sastre, at iba pang hanapbuhay ay may sariling guild. Ang sinumang hindi kasapi sa isang guild ay hindi maaaring gumawa ng produkto na ginagawa ng nasabing *guild*.



**PANUTO:** Isulat sa kaliwang bahagi ang Dahilan at sa kanang bahagi naman ang Epekto ng mga kaisipang lumaganap noong Gitnang panahon.

Dahilan	Pangyayari	Epekto
	Pag-unlad ng kalakalan	
	Paglitaw ng mga Bourgeoisie	
	Ang paggamit ng Salapi	
	Pagkakaroon ng sistemang Guild	






1. Ang paglakas ng kalakalan ang nagbigay daan sa pag-usbong ng mga bayan at lungsod.
2. Ang paggamit ng pera ay nakatulong sa paglalapit ng mga tao buhat sa iba't ibang lugar. Pinabilis din nito ang sistema ng kalakalan.
3. Natuklasan ng ilang mangangalakal na hindi delikado ang mag-iwan ng malalaking halaga sa mga namamalit ng salapi. Ang salaping ito ay ipinautang din nang may tubo.
4. Sa pag-unlad ng kalakalan at industriya at paglawak ng mga bayan, isang makapangyarihang uri ng tao ang lumitaw. Sila ay tinatawag na burgis (men of *burg* o *burgers* o *bourgeoisie*). Ang interes ng grupong ito ay nasa kalakalan. Ang sistemang ito ng pagpapautang at pagbabangko ay nalinang sa hilagang Italya.
5. Ang guild sa samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay. Layunin nito na pangasiwaan ang paggawa ng produkto sa pamamagitan ng pagtatakada ng sahod at oras ng trabaho ng mga manggagawa. Itinakda rin ng mga guild ang pamantayan ng kalidad at makatraungang halaga ng mga produkto.



**PAG-ALAM SA  
NATUTUHAN**

**PANUTO:** Magsulat ng Reflective Journal sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Gamitin ang Rubrics bilang gabay

<b>Reflective Journal ni:</b> _____ <b>Seksyon:</b> _____ <b>Petsa:</b> _____	
<b>Ano ang mga natutuhan ko sa aralin?</b> 	
<b>Ano ang nararamdaman ko sa pangyayaring ito?</b> 	
<b>Paano mo ito mai-aaplay sa iyong pang araw-araw na buhay?</b> 	

**Journals**

PANUTO: Ang gabay na ito ay makaktulong upang matasa ang gawain ng mga estudyante sa pagsusulat ng journal. Basahin ang mga pangungusap ng mabuti at blugan ang numero nana nasa eskala na angkop sa gawain ng estudyante.

<b>PAMANTAYAN</b>	<b>1</b>	<b>2</b>	<b>3</b>	<b>4</b>
	<b>May pagkukulang</b>	<b>Katamtaman</b>	<b>Magaling</b>	<b>Pinakamagaling</b>
Ang paksang naisulat sa journal ay angkop sa nakasaad na isyu.				
Ang journal ay nagbibigay ng malinaw na pagpapaliwanag ng koneksyon ng paksa sa kapaligiran o buhay ng tao at sa buhay ng estudyante.				
Ang journal ay may maayos, malinaw na daloy at madaling maintindihan.				
Ang journal ay tama, wasto ang pagbabaybay (grammar spelling) at gumagamit ng angkop na pananda.				





**PANG-WAKAS NA  
PAGSUSULIT**

**PANUTO:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay tumutukoy sa politikal na institusyon noong Gitnang Panahon?  
A. Piyudalsimo  
B. Komunismo  
C. Manoryalismo  
D. Sosyalismo
2. Ang sistemang pang-ekonomiya na umiral sa Gitnang Panahon ay \_\_\_\_\_  
A. Piyudalsimo  
B. Komunismo  
C. Manoryalismo  
D. Sosyalismo
3. Ang paglakas ng kalakalan ay naging malaking tulong sa paglago ng mga \_\_\_\_\_.  
A. Manor  
B. Bayan  
C. Palasyo  
D. Baryo
4. Nagkaroon ng pagbabago sa \_\_\_\_\_ bunsod ng pagtuklas ng mga bagong teknolohiya at mga bagong pamamaraan sa pagtatanim.  
A. Agrikultura  
B. Ekonomiya  
C. Industriya  
D. Asignatura
5. Nakatulong din nang malaki ang pagsasaayos ng mga \_\_\_\_\_ upang mapadali ang pagdala at pagbili ng mga produktong agrikultural.  
A. kanal  
B. sasakyan  
C. Kalsada  
D. Kapuungan
6. Sa unang mga taon ng Gitnang Panahon, ang sistema ng kalakalan ay \_\_\_\_\_.  
A. Manopolyo  
B. Merkantilismo  
C. Malaya  
D. Barter
7. Dinadala ng mga \_\_\_\_\_ ang mga produktong bukid o produktong gawa sa bahay sa mga lokal na pamilihan.  
A. Lord  
B. Serf  
C. Vassals  
D. Knight
8. Ang sistemang ito ng pagpapautang at pagbabangko ay nalinang sa \_\_\_\_\_.  
A. Timog Italya  
B. Hilagang Italya  
C. Silangang Italya  
D. Kanlurang Italya
9. Ang paggamit ng \_\_\_\_\_ ay nakatulong sa paglalapit ng mga tao buhat sa iba't ibang lugar.  
A. Barter  
B. Pera  
C. Ginto  
D. Pilak
10. Sa pag-unlad ng \_\_\_\_\_ at industriya at paglawak ng mga bayan, isang makapangyarihang uri ng tao ang lumitaw.  
A. Produkto  
B. Agrikultura  
C. Bayan  
D. Kalakalan
11. Ang mga \_\_\_\_\_ ay ang nagiging gitnang uri at mababa ang pagtingin sa kanila ng panginoong piyudal dahil sa sila ay mga bagong yaman lamang.  
A. Lord  
B. Burgis  
C. Vassals  
D. Serf

12. Ang \_\_\_\_\_ ay samahan ng mga taong nagtatrabaho sa magkatulad na hanapbuhay.
- |                |                |
|----------------|----------------|
| A. Alyansa     | C. Kooperatiba |
| B. Triumvirate | D. Guild       |
13. Dahil sa kanilang yaman, lubhang naging mahalaga ang mga \_\_\_\_\_ sa pamahalaang bayan.
- |                  |                   |
|------------------|-------------------|
| A. Artisan Guild | C. Merchant Guild |
| B. Knight Guild  | D. Hunter Guild   |
14. Nang lumaki ang mga bayan, ang mga \_\_\_\_\_ ay nagtatag ng sariling samahan.
- |            |            |
|------------|------------|
| A. Burigis | C. Vassals |
| B. Knight  | D. Artisan |
15. Ang bawat \_\_\_\_\_ ay may sariling samahan.
- |              |              |
|--------------|--------------|
| A. Craft     | C. Tao       |
| B. Mangagawa | D. Katangian |

### Sanggunian

Halaw sa Project EASE Araling Panlipunan, Module9 (“Sistemang Piyudal sa Gitnang Panahon sa Europa)

Para sa karagdagang impormasyon, basahin an sumusunod:

Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat Para sa Ikatlong Taon nina Vivar et.al  
pahina152-156

Kasaysayan ng Daigdig, Batayang Aklat Para sa Ikatlong Taon nina Mateo et.  
al pahina 200-205

Kasaysayan ng Daigdig Batayang Aklat para sa Ikatlong Taon nina Vivar et. al pahina 150

Kasaysayan ng Daigdig (Batayang Aklat sa Araling Panlipunan, Ikatlong Taon) nina Mateo, et.al  
pahina 195)

### Susi ng Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto Pang wakas na Pagsususi: 1. A 2, C 3. B 4. A 5. C 6. D 7. B 8. B 9. C 10. D 11. B 12. D  
13. C 14. D 15. A  
Baluk tanaw: 1. HARI, 2. BASALYO O VASSALS, 3. SIKRE O MAGBURUKID, 3. Pons, 4. Helot.  
Unang Pagsubok: 1. A, 2. B, 3. C, 4. B, 5. C, 6. A, 7. C 8. B 9. D, 10. D, 11. C, 12. A 13. B, 14. D, 15. D.